



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 3

Pebrero 7, 2008

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

*Editoryal*

## Sagot kay Esperon: Higit pang mga tagumpay sa armadong pakikibaka

**A**ng serye ng matatagumpay na taktikal na opensiba nitong nagdaang linggo ang pinaka-matutunog na supalpal sa mga kabulastugan ni Gen. Hermogenes Esperon na durog na't lalo pang madudurog ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago siya magretiro.

Pinalalabas ng rehimeng Arroyo na ang pagpapalawig sa termino ni Esperon bilang hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ay para maipagpatuloy ang umano'y pinamumunuan niyang bwelo sa kontrarebolusyonaryong digma. Ipinagyayabang ni Esperon na sa ilalim ng kanyang pamumuno ay nadurog ng AFP ang 13 larangan gerilya noong 2007 at 17 iba pa ang madudurog sa unang kwarto ng 2008.

Ang totoo, walang nabuwag na kahit isang larangan gerilya noong 2007 at tiyak na wala ring madudurog ngayong taon. Sa halip ay patuloy na umaani

ng mga tagumpay sa armadong pakikibaka ang Pulang hukbo. Tuluy-tuloy pang nagpapalawak at nagkokonsolida ng mga larangan at baseng gerilya ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Doble-sampal ang sumalubong kay Esperon nang ilunsad ng BHB ang sunud-sunod na mga matagumpay na taktikal na opensiba sa Davao Oriental at Compostela Valley habang siya ay nasa Mindanao para magmobilisa ng mga tropang militar para sa "total war" laban sa BHB. Mahigit 40 tropa ang naging kaswalti



**Mga  
tampok sa isyung  
ito...**

Matatagumpay na TO  
ng BHB sa Mindanao  
PAHINA 3

Salpuhan sa pulitika,  
nagbabadya PAHINA 4

Anomalyang NBN-ZTE,  
kinumpirma ng bagong  
testigo PAHINA 4



ng AFP sa rehiyon sa loob ng iilang araw pa lamang at ilang malalakas na armas ang nakumpiska.

Mabilis itong sinundan ng matatagumpay ding taktikal na opensiba sa Batangas, Albay, Sorsogon at Bukidnon.

Kabaligtaran ng panaginip ni Esperon, hindi ang AFP ang dudu-rog sa BHB. Ang BHB ang siyang unti-unting lilipol sa mahihina at nahihiwalay na mga yunit ng AFP.

Mas marami pang mga reyd at ambus ang ipinanahanawagang ilunsad at inaaahanang maipagwawagi sa darating na mga linggo at buwan bilang tugon sa direktiba ng sentral na pamunuan ng Partido na paigtingin ang mga taktikal na opensiba. Ang ibayong pagpaparami pa ng mga tagumpay ng BHB ay paghahanda para sa pagpapalawak at pagbubuo ng matatatag na baseng purok, paglulubos ng estrate-hikong depensiba at pagsulong tu-nge sa mas mataas na antas ng

## Mga taktikal na opensiba sa Southern Tagalog at ibang lugar

**Pebrero 2.** Namatay ang sarhentong namumuno ng detatsment sa Badian, Oas, Albay nang salakayin ito ng BHB bandang alas-3 ng hapon. Nasamsam ang kanyang pistolang kalibre .45.

**Pebrero 1.** Apat na sundalo ng 9th IB at 565th Engineering Construction Battalion ang malubhang nasugatan nang tambangan ang mga ito ng mahigit sampung Pulang mandirigma ng BHB sa Barangay Buenavista, Bacon, Sorsogon bandang alas-4 ng hapon.

**Enero 31.** Isang sundalo ang nasugatan nang harasin ng 20 Pulang mandirigma ang detatsment ng 733rd Combat Squadron ng Philippine Air Force sa Clayo Village, Nasugbu, Batangas bandang 1:30 ng hapon.

Samantala, sa Bukidnon, limang elemento ng 29th IB ang nasugatan nang tambangan ng isang platuun ng BHB-Front 89 ang isang yunit ng nag-ooperasyong militar sa Sityo Kalanganan, San Vicente, Bukidnon nitong Pebrero 3 ng umaga.

Sa Agusan del Sur, isang sundalo at isang elemento ng CAFGU ang nasugatan matapos ang isang labanan sa pagitan ng militar at BHB sa Barangay Marfil, Rosario noong Enero 23 ng umaga.

Sa Cagayan, apat na sundalo ng 21st IB ang namatay sa isang ambus na isinagawa ng mga Pulang mandirigma ng Danilo Ben Command ng BHB-Cagayan sa Sityo Lagom, Barangay Lipatan, Sto. Niño noong Disyembre 29.

AB

digmang bayan. Bunga ng mga ito, tiyak na magiging maniningning ang pagdiriwang ng ika-40 anibersaryo ng Partido sa katapusan ng 2008.

Lalakas, lalaki at makapagkaka-

mit ng dagdag pang mga tagumpay ang rebolusyonaryong hukbo laban sa lubos na kinasusuklaman at demoralisadong reaksyunaryong papet na hukbo. Sa mga lugar kung saan relatibong malakas ang BHB, maaari silang magtipon ng mga pwersang ilang ulit ang laki laban sa mahihina at nahihiwalay na mga pwersa ng kaaway at mabilis nilang maipapanalo ang mga taktikal na labanan. Kahit sa mga lugar na relatibong maliit ang mga rebolusyonaryong pwersa, maaari silang maglunsad ng mga operasyong isnayping at operasyong isparo laban sa mistulang bulag at binging ka-away.

Ang matatagumpay na taktikal na opensiba ng BHB sa mga darating na linggo at buwan ang mapagsiyang magpapasinungaling sa bulaang mga pahayag ni Esperon at ng mga propagandista ng AFP.

AB

## ANG Bayan

Taon XXXIX Blg. 3 Pebrero 7, 2008

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikau-unlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

### Nilalaman

#### Editoryal

Sagot kay Esperon 1

#### Matatagumpay na TO

Mga TO sa ST at ibang lugar 2

7 taktikal na opensiba sa Mindanao 3

#### Salpukan sa pulitika, nagbabadya

Anomalya sa ZTE, kinumpirma 4

#### Pananalanta ng pasistang estado

Lider ng KMP, inaresto; pastor, pinatay 5

Principe, ginawaran ng *writ of amparo* 5

Alituntunin ng *habeas data*, inaprubahan 6

80,000 sa NCR, mawawalan ng tirahan 7

Detensyon ng lider-masa, kinundena 7

Dagdag na CAFGU sa Bikol, kinundena 8

Masaker sa Sulu 8

Paggahasa at pagsalbeyds, kinundena 8

#### Dugo, pawis at buhay ng OCW

9

#### Sa ibayong dagat

US, nasa bingit ng resesyon 11

#### Balita

12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



# 7 taktikal na opensiba sa Southern Mindanao

**S**unud-sunod at iba't ibang porma ng matatagumpay na taktikal na opensiba ang inilunsad ng iba't ibang yunit ng Merardo Arce Command-Southern Mindanao Regional Operations Command-Bagong Hukbong Bayan (BHB) nitong nakaraang dalawang linggo. Habang abala ang malaking pwersa ng kaaway (73rd IB at Army Scout Rangers) sa pag-lulunsad ng Operation Bantay Laya (OBL) sa kanlurang bahagi ng rehiyon (Talaingod, Davao del Norte), binigwasan naman ng hukbong bayan ang mga tropa ng militar at pulis sa silangang bahagi nito (Compostela Valley/Davao Oriental).

Sa kabuuan, di bababa sa 41 ang kumpirmadong kaswalti ng militar at pulisia samantalang walang kahit isang kaswalting naiulat sa panig ng hukbong bayan.

**Pebrero 6.** Dalawang gwardya ng JB Mining sa Olaycon, Monkayo, Compostela Valley ang namatay matapos salakayin ng mga gerilya ng BHB ang minahang pag-aari ng despotikong alkalde ng Monkayo na si Manuel "Jun" Brillantes.

**Enero 30 ng umaga.** Pitong sundalo at isang elemento ng CAFGU ang namatay at sampa pang sundalo ang nasugatan nang ambusin ng pinagsanib na pwersa ng mga Pulang mandirigma ng Front 15 at Front 25 ang nagpatatrulyang tropa ng 67th IB sa mga Barangay ng Kinablangan, San Victor at Kampawan sa Baganga, Davao Oriental. Nakumpiska mula sa militar ang isang M60 masing-gan at dalawang M16. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang nag-ooperasyong militar matapos iulat ng mga taumbaryo sa hukbong bayan na naghahanap ang mga sundalo ng kampo ng BHB.

**Enero 29, alas-5 ng umaga.** Namatay ang isang operatibang paniktik ng 1102nd Police Mobile Group at nasugatan ang dalawang elemento ng CAFGU sa Barangay Bukal, Nabunturan,

Compostela Valley nang manlaban ang mga ito sa mga Pulang mandirigma ng Front 27 na inatasang umaresto sa kanila.

Paglipas ng limang oras, isang pulis naman ang namatay at sampa pa ang nasugatan nang tambangan ng 5th Pulang Baga-

ni Command-BHB ang nagpatatrulyang mga elemento ng 1102nd Police Mobile Group sa Sityo Spar 2, Ngan, Compostela, Compostela Valley.

**Enero 28 ng umaga.** Isang sundalo ang namatay at tatlong elementong paramilitar ang nasugatan nang isnaypin at harasin ng mga elemento ng Conrado Heredia Command-BHB ng Front 20 ang detatsment ng 72nd IB sa Carmen, Boston, Davao Oriental.

**Enero 24.** Dalawang sundalo ng Task Force Raptor ng 103rd Division Reconnaissance Company ang namatay at tatlo pa ang nasugatan nang makaengkwentro nila ang isang yunit ng Armando Dumandan Command-BHB ng Front 33 sa Barangay San Agustin, Tagum City.

## Ika-apat na linggo ng Enero.

Nagtamo ng di pa mabilang na kaswalti ang isang kolumna ng mga sundalo ng 28th IB nang isnaypin sila ng mga nakapus-isyong Pulang mandirigma ng Front 25 sa Barangay Andap, New Bataan, Compostela Valley.

AB



# Salpuhan sa pulitika, nagbabadya

**N**itong Pebrero 4, nagtagumpay ang mga alagad ng administrasyon sa Kongreso na patalsikin sa pwesto si Speaker Jose de Venecia at ihalili sa kanya si Rep. Prospero Nograles. Pinangunahan mismo ng dalawang kongresistang anak ni Gloria Arroyo ang pagpapatalsik kay de Venecia.

Matagal-tagal ding nagmanobra ang mga alipures ng Malacañang para makaganti kay de Venecia dahil sa paglalantad ng anak niyang si Jose III sa maanomalyang kontratang NBN-ZTE. Sa pagpapatalsik kay de Venecia, naalis ni Arroyo ang isa sa pinakamalalakas niyang katunggali sa kanyang hangaring manatili sa poder lamas pa 2010.

Sa unang pagkakataon, tuwiran nang binatikos ni de Venecia ang gubyerno ni Arroyo. Sa kanyang tulumpati bago siya tuluyang mapatalsik, inisa-isa ni de Venecia ang mga nalalaman niyang kaso ng katiwalian na kinasasangkutan ng pamilyang Arroyo at mga kampon nitto. Sa wakas, harapan na niyang tinukoy na totoo ang inilantad ng kanyang anak hinggil sa kontratang NBN-ZTE. Alam din umano niya ang mga pagtatangkang dayain ang eleksyon noong 2004. Binatikos niya ang pagpabor ng mga Arroyo sa kanilang mga kaibigan sa pagbibigay ng mga kontrata sa gubyerno tulad ng sa Transco. Tinukoy din niya kung paanong kinontrol ng pamilya Arroyo ang pondô para sa kongreso.

Ipinahayag ni de Venecia na ang pagbatikos niya sa administrasyon ngayon ay deklarasyon na ng gera laban kay Arroyo na matagal niya ring ipinagtanggol sa peligrong mapatalsik sa pwesto. Ngayon, aniya, nakahanda na siyang makiisa sa oposisyon para tuluyan nang ilantad at tapusin ang mga kontrobersyang kinasasangkutan ng rehimene.

Ngayong ganap nang naghiwalay ng landas ang pangkating Arroyo at de Venecia, nagbabadya ang

panibagong serye ng salpuhan na muling yayanig sa tiwaling rehimene. Malalantad na ang makabuluhang nalalaman ni de Venecia ukol sa baho ni Arroyo at palulubhain pa niyon ang pam-pulitikang krisis ng rehimene.

Ang nagbabadyang salpuhan ng

dalawang pangkatin ay mainam na pagkakataong masasamantala ng malawak na hanay ng mga powersang anti-Arroyo para muling pasikarin ang pagsisikap na patalsikin ang kinamumuhiang rehimene. **AB**



## Anomalya sa ZTE, kinumpirma ng isa pang testigo

**K**inumpirma ng isa pang testigo ang pagkakasangkot nina dating COMELEC chairman Benjamin Abalos at Mike Arroyo, asawa ni Gloria Arroyo sa maanomalyang proyektong National Broadband Network-ZTE. Isiniwalat ni Rodolfo Noel Lozada Jr., isa sa mga konsultant sa proyekto, na totoong lahat ang mga dati nang sinabi ni Jose de Venecia III at dating NEDA director-general Romulo Neri hinggil sa sobrang presyo ng proyekto at kikbak dito nina Abalos at Mike Arroyo.

Bago ito naisiwalat ni Lozada nitong madaling araw ng Pebrero 7, tinangka siyang patahimikin ng rehimene. Pagbalik naman niya sa bansa nitong Pebrero 5, sinalubong siya ng mga tauhan ng PNP, dinala sa Laguna at pinilit na gumawa ng kasulatang nagsasaad na siya ay humihingi ng "protekson" mula sa pulisya. Sinabi rin ng PNP na may gayon ding kahilingan ang isang kapatid ni Lozada, bagay na itinanggi ng kapatid. Pinakawalan lamang si Lozada matapos siyang pumirma sa kasulatang nag-aabswelto sa Malacañang sa pagkakasangkot sa anomalya hinggil sa ZTE.

Subalit matapos pakawalan si Lozada ay nagpasya siyang mag-pakupkop sa simbahang Katoliko at isiwatal pa rin ang katotohanan sa isang *press conference*. Pumayag na rin siyang tumestigo sa Senado at inianunsyo ang kanyang pagbibitiw sa gubyerno.

Namimilipit ngayon sa pagtanggi ang Palasyo sa naging papel nito sa tangkang pambubusal kay Lozada.

Ayon sa mga ulat, may pang-apat pang testigong lilitaw na lang magpapatibay sa mga pagsisiwalat nina de Venecia, Neri at Lozada. **AB**



# Lider ng KMP, inaresto; pastor, pinatay ng militar

**K**abilang sa mga karumal-dumal na krimen ng rehimeng Arroyo ni-tong nakaraang mga linggo ang pagpaslang sa isang pastor ng UCCP sa Leyte at pagpatay sa isang aktibista sa Bohol. Sa kanayunan ng Tagum, nagpapatuloy ang sapilitang paglikas ng mga residente dahil sa matitinding operasyong sa kanilang mga lugar. Sa Maynila, mahigit 80,000 residente ang mawawalan ng tirahan dahil sa proyektong riles. Sa Negros, inaresto ang isang lider ng KMP, at sa Palawan, dalawang pinaghihinalaang myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang dinukot ng militar. Isa ring lider-masa sa Cebu ang dinukot at dalawang araw na itinago ng militar bago siya makataks.

**Enero 31 hanggang sa kasalukuyan.** Ginigipit ng mga tropa ng 730th Combat Group ng Philippine Air Force ang mga residente ng Hacienda Looc at Barangay Natipuan sa Nasugbu, Batangas matapos salakayin ng BHB ang isang detasment ng AFP sa kalapit na Barangay Calayo noong Enero 31. Di baba sa 25 pamilya na ang napilitang lumikas para makaiwas sa harassment ng militar. Noong araw ding iyon ay sinunog ng mga tropa ng AFP ang mga bahay nina Superno Cabral, Florence Reyes at Toribio Reyes, pawang mga residente ng Hacienda Looc. Mula Pebrero 1 ay nagtayo ang AFP ng mga tsekpoyn sa Barangay Calayo kung saan hinaharang, iniinterogeyt at hinaharas ang mga dumadaan. Kabilang sa mga nabiktima sina Coche Polagan, prinsipal ng Barangay Looc Elementary School at ang kanyang asawang si Narsing. Sapilitan silang pinalabas sa kanilang van at pinaluhod sa kalsada.

**Enero 28.** Inaresto at tinortyur ng mga elemento ng Negros Occidental Police Provincial Office (NOPPO) si Randall Echanis, 60, *deputy secretary general for external affairs* ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Si Echanis ay ina-

resto sa Barangay Calumangan, Bago City, bandang alas-2 ng hapon habang lumalahok sa isang seminar na dinaluhan ng mga



lider ng mga manggagawang bukid ng National Federation of Sugar Workers (NFSW). Umabot sa 30 na-kasibilyang armadong operatiba ang umaresto kay Echanis.

Si Echanis ay inaresto kaugnay ng akusasyon ng militar na sangkot siya sa kaso ng umano'y pagpatay sa 67 katao sa Inopacan, Leyte noong 1985. Siya at si Rep. Satur Ocampo ay kabilang sa 52 na akusado kasong ito. Inaresto si Ocampo noong nakaraang taon kaugnay nito, ngunit pinalaya rin mapos ibasura ng korte ang gawa-gawang kaso.

Katulad ni Ocampo, nakakulong din si Echanis nang mangyari ang

## Principe, ginawaran ng writ of amparo

**I**naprubaan ng Korte Suprema nitong Pebrero 3 ang isinampang petisyon para sa *writ of amparo* ni Lorena Santos, anak ng dinukot na konsultant ng NDFP na si Elizabeth Principe, 56. Alinsunod rito ay nailipat na sa Court of Appeals ang kaso, na siya namang nag-utos sa pulisia na iharap si Principe sa pagdinig na nakatakd sa Pebrero 11. Si Principe ay dinukot noong Nobyembre matapos magpatingin sa isang klinika sa Cubao, Quezon City.

Sinuri ni Santos ang anim na *warrant of arrest* para sa kanyang ina. Aniya, ang lahat ng mga ito ay kahina-hinala at labag sa batas. Walang matibay na batayan at balidong *warrant of arrest* ang mga dumukot sa kanya. Dagdag dito, iginigiit ni Santos na iligal ang paglilipat kay Principe sa Ilocos Sur noong hatinggabi ng Enero 30. Nangangamba ang kanyang pamilya na pahirapan lamang siya ng mga elemento ng 5th Infantry Division at manganganib lamang ang kanyang buhay doon. Ni hindi ipinaalam ng pulisia sa mga abugado ni Principe ang paglilipat sa kanya.

Inaprubaan din ng korte ang isinampang petisyon ni Santos para sa *writ of habeas corpus* kaugnay ng pagkakadukot ng kanyang amang si Leo Velasco sa Cagayan de Oro City noong Pebrero 2007. Hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw si Velasco. Hiniling ni Santos sa Court of Appeals na atasan ang pulisia at militar na ilitaw ang kanyang ama at ipaliwanag kung bakit patuloy siyang ikinukulong o itinatago.



gawa-gawang insidente sa Leyte. Kaya ang pag-aresto sa kanya ay malinaw na panggigipit lamang sa mga katulad niyang kumikilos sa demokratikong kilusan. Maring kinundena ng KMP ang pag-aresto at pagtortur kay Echanis.

Binatikos din ng NDFP ang pag-aresto kay Echanis dahil paglabag ito sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees (JASIG). Si Echanis ay myembro ng Reciprocal Working Committee on Socio-economic Reforms ng NDFP sa usapang pangkapayapaan.

**Enero 26.** Dinukot ng mga elemento ng pulisia sa prubinsya ng Palawan at Armed Forces Western Command (Wescom) sina Christine Butaca, 27 at ang kanyang asawa si Wilson Mangao. Pinalalabas ng mga otoridad na mga myembro sila ng BHB-Palawan. Walang ipinakitang *warrant of arrest* ang mga pulis at militar nang dudutin ang mag-asawa. Dumadalo sila noon sa kasal ng kapatid ni Butaca sa Barangay Bono-bono, Bataraza, Palawan. Iniutos ng Provincial Prosecutor's Office sa pulisia at militar na pakawalan ang mag-asawa matapos lamang ang ilang araw nang mapatunayang walang matibay na ebendisyang hawak ang AFP laban sa kanila.

**Enero 24.** Mahigit 1,000 residente ng Barangay San Agustin, Tagum City ang napilitang lumikas dahil sa tindi ng operasyong militar sa kanilang lugar. Inaresto ng mga nag-ooperasyong sundalo ang mga lalaking residente at pinimbangan silang mga kasapi ng BHB. Pinadapa at ipinailalim sila sa interrogasyon. Ang pandarahas na ito sa mamamayan ay pagbubunton ng



## Mga alituntunin ng *writ of habeas data*, inaprubahan ng Korte Suprema

Inaprubahan ng Korte Suprema nitong Pebrero 1 ang mga alituntunin sa pagpapatupad ng *writ of habeas data*. Sa ilalim ng nito, maaaring iatas ng korte sa militar at pulisia na iprisinta sa hukuman ang mga dokumento o impormasyong hawak nila hinggil sa nagpetisyon. Wedeng igiit ng nagpetisyon na baguhin, ituwid, ipatago o sirain ang mga impormasyon para bigyang-protekson ang karapatan niya sa *privacy*.

Nagkabisita ang naturang mga alituntunin nitong Pebrero 2. Ipininalabas ng Korte Suprema ang naturang *writ* matapos mailabas ang *writ of amparo*, isang ligal na instrumento para makahingi ng proteksyon ang mga biktima o nanganganib mabiktima ng mga paglabag sa karapatang-tao, laluna yaong mga may banta sa kanilang buhay.

AB

mga sundalo ng kanilang galit sa pagkakasugat ni Cpl. Elpidio Catulba, elemento ng 103rd Division Reconnaissance Company, sa isang sagupaan sa pagitan ng BHB at AFP noong araw na iyon.

Dahil sa pagbakwit ay nahinto ang pag-aaral ng mga estudyante ng San Agustin Elementary School.

**Enero 23.** Pinatay ng nakamotorsiklong mga berdugong militar si Palomino Catambis, 50, pastor ng United Church of Christ in the Philippines (UCCP), sa Sitio Catoogan, Barangay Balocawe, Abuyog, Leyte mga alas-7:30 ng umaga. Siyam na balang 9 mm ang

tumama sa likod ni Catambis na agaran niyang ikinamatay. Lulan si Catambis ng isa ring motorsiklo at papunta sana sa poblasyon ng Abuyog nang malapitan siyang pagbabarilin. Si Catambis ang ikalawa nang pastor ng UCCP na pi-

naslang sa isla. Noong Mayo 2005 ay pinatay ng militar si Rev. Edwin Lapuz sa San Isidro, Leyte.

**Enero 17.** Pinatay ang aktibistang maka-kalikasan na si Ronaldo Sendrijas, 35, ng mga nakamaskarang berdugo sa Graham Avenue, Tagbilaran City, prubinsya ng Bohol, alas-9:20 ng gabi. Dalawang tama ng bala sa batok ang ikinamatay ni Sendrijas. Kalalabas lamang niya sa Ramiro Community Hospital para bumili ng gamot para sa kanyang kapatid.

Si Sendrijas ay dating seminaria at dating detenidong pulitikal. Inaresto siya sa Cebu noong 2003 kaugnay ng kasong rebelyon na isinampa sa kanya sa Bohol at Cebu. Pinakawalan siya noong 2006 matapos makapagpypansa. Mula nang makalaya siya ay tuluy-tuloy siyang hinaras ng militar. Bukod sa kasong rebelyon, pilit siyang iniugnay ng militar sa dalawang kaso ng pamamaslang noong 2006 at 2007. Lagi-lagi rin siyang pinipilit magpanggap na surrenderring BHB at itakwil ang armadong pakikibaka. Noong Nobyembre



2007 ay nireyd ng militar sa pamumuno mismo ni Lt. Col. Ceasar Yano, hepe ng 302nd Bde, ang bahay at mga kapitbahay ni Sendrijas sa Barangay San Jose, Inabanga, Bohol sa akusasyong may iniingatan umano itong baril. Walang naki-tang anumang sandata.

**Enero 13-27.** Sapilitang nagbakwit ang mga Ata-Manobo mula sa 65 komunidad ng Talaingod, Davao del Norte dahil sa matitinding operasyong militar sa lugar. Isang bata at isang matandang lalaki mula sa Sityo Sasu, Barangay Palma Gil ang namatay noong Enero 13

dahil sa matinding gutom. Sa halip na tulungan ang mga bakwit, pinabulaanan pa ng mga upisyal ng Talaingod na mayroong mga nangyaring paglabag sa karapatang-tao. Ginigipit din ng nag-ooperasyong mga tropa ng 73rd IB ang mga lider ng Salugongan Ta Tanu Igkanggon, isang lokal na organisasyon na binubuo ng mga Ata-Manobo sa Talaingod.

**Enero 12 hanggang sa kasalukuyan.** Malawakang pang-aaresto, sapilitang pagpapabakwit at panununog ng mga bahay ng mga magsasaka ang nagaganap ngayon sa

Sityo Gintalaokan at Bantolinao sa Barangay Talalak at Barangay Nagbinlod sa Sta. Catalina, Negros Oriental kaugnay ng mabangis na operasyong militar ng 56th IB, ayon sa Karapatan-Central Visayas. Isang di pa nakikilalang magsasaka ang karakarakang pinatay ng mga elemento ng Bravo Coy ng 56th IB nitong Enero 27 matapos pag-initan ng mga sundalo ang mga residente nang makatakas si Reynold Carillo, 18, isa sa mga magsasaka dinampot ng militar. Dalawa namang residente ng Sityo Lagasan, Barangay Nagbinlod, na nangngangalang Willy, 30 at Biano, 60 ang patuloy na ginagamit bilang giya at panangga ng nag-ooperasyong mga sundalo.

**Enero 4.** Dinukot ng pitong ahente ng Intelligence Service of the AFP (ISAFP) si Melvin Yares, 27, tagapangulo ng Kahugpungan sa Kabus sa Basak (KAKABAS) sa Lapu-Lapu City. Nangyari ito bandang alas-9:30 ng gabi sa kanto ng Lincoln at Plaridel St. sa Carbon Public Market. Pilit siyang isinakay sa isang puting van, piniringan, ibinibimbin at ipinailalim sa interrogasyon hinggil sa kaugnayan umano niya sa BHB. Ani Yares, pinilit din siyang maging espiya ng militar, magpanggap na sumukong Pulang mandirigma at humarap sa midya para batikusin ang Kadamay, Anakpawis at iba pang mga legal na progresibong organisasyon. Nagkaroon siya ng pagkakataong tumakas bandang alas-2 ng madaling araw noong Enero 6 nang dalhin siya sa isang madilim at ilang na lugar sa Sityo Timpolok, Barangay Gun-ob, Lapu-Lapu City para tortyurin. Tumakbo siya patungo sa isang dumaraang sasakyang at tumalon sa kabilang dako ng kalsada. Plano ni Yares na sampahan ng kaso ang mga militar na dumukot sa kanya.

## 80,000 residente ng NCR, mawawalan ng tirahan

Mahigit 80,000 residente sa tabi ng riles sa ilang bahagi ng National Capital Region ang mawawalan ng tirahan dahil sa proyektong riles na pinopondohan ng gubyernong Korea at Pilipinas. Ang proyektong riles ay magdudugtong ng North Terminal ng Northrail Project sa Caloocan City at ng hilagang dulo ng Southrail Project sa Calamba, Laguna. Kaugnay nito, nagprotesta ang mga residente na pwersadong pinaalis sa kani-kanilang mga tahanan sa tabi ng riles. Nagtipun-tipon ang mga demonstrador sa labas ng Pacific Star Building sa Makati City at iginiit nila ang pakikipagkita kay Ambassador Hong Jong-ki ng Korea. Mga myembro ng Koalisyon ng mga Samahan sa Riles Katimugan ang mga nagprotesta. Walang malinaw na paglilipatan ang napipintong palalayasing mga residente.

AB

## Iligal na detensyon ng lider-masa sa Baguio, kinundena

Mariing kinundena ng Cordillera People's Alliance (CPA) ang patuloy na pagkakakulong ni Jose Cawiding, pangkalahatang kahilim ng Metro Baguio Tribal Elders and Leaders Assembly (MBTELA) at dating istap ng Education Commission at Elder's Desk ng CPA. Inaresto siya ng mga elementong militar noong Oktubre 2007 dahil sa pagkakasangkot niya umano sa pagkamatay ng mga sundalo sa isang ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Mountain Province noong Hulyo 2003. Patuloy na ikinukulong si Cawiding kahit walang maiharap na mga testigo ang prosekusyon para patunayan ang gayong paratang.

AB



## Dagdag na CAFGU sa Bikol, kinundena

**B**inatikos ng National Democratic Front-Bicol ang plano ng 9th ID na armasan ang 4,000 tropa ng CAFGU sa rehiyon para umano pulbusin ang rebolusyonaryong kilusan sa Kabikulan bago ang taong 2010. Anang NDF-Bikol, ang hakbang na ito ay lilikha lamang ng dagdag pang paglabag sa karapatang-tao at pagtindi ng mga kaso ng pamamaslang.

Pinabulaanan ng NDF-Bikol ang aroganteng pahayag ni Maj. Gen. Jeffrey Sodusta, hepe ng 9th ID, na malaki na ang nabawas sa mga pwersa ng rebolusyonaryong kilusan sa anim na prubinsya ng rehiyon nitong 2007. Katunayan, napreserba ng BHB ang sarili at nakapagpalakas pa sa kabilang pagdaragdag ng isang batalyon ng mga sundalo at ilang kumpanya ng Scout Rangers sa rehiyon noong 2007.

Sa kabilang banda, dumaranas ng matitinding kaswalti at grabeng demoralisasyon at lalong nahihiwalay sa mamamayan ang reaksyunaryong militar bunga ng maluluhang paglabag sa karapatang-tao. Ibinigay na halimbawa ng NDF-Bicol ang maramihang pagtiwalag ng mga elemento ng 9th IB sa Donsol, Sorsogon nitong Enero. Ayon sa mga ulat, kinailangan ng AFP na magtawag ng mga taumbaryo para hakutin ang mahigit 20 ripleng iniwan ng mga sundalong nag-AWOL. Inirereklogo ng mga sundalo ang napakababang *subsistence allowance*, naantalang bonus at di pagpayag sa kanila ng mga upisyal na dumalaw sa kani-kanilang mga pamilya noong Pasko at Bagong Taon.

AB

## Masaker sa Sulu

**H**umihingi ng katarungan ang mga pamilya, kamag-anak at mga lokal na upisyal ng gubyerno sa Sulu kaugnay ng pagmasaker ng mga sundalo sa walang sibilyang Moro noong Pebrero 4. Walang awang pinagbabaril ng isang yunit militar ang walang residente ng islang barangay ng Ipil, Maimbung, Sulu kabilang ang isang nagdadalantaong babae at dalawang bata. Ang mga biktima ay siña Marisa Fayian, 4; Rismi Lahim, 9; Narsiya Lahim, 24, na nagdadalantaao; Arnalyn Lahim, 37; Eldishin Lahim, 37, barangay kagawad ng Ipil; at ang dating kasapi ng Moro National Liberation Front at

ngayo'y *integree* ng 6th ID ng Philippine Army na si Sgt. Ibnul Wahid, 35, na namamahinga noon sa kanyang bahay.

Iniulat ni Maj. Gen. Ruben Rafael, kumander ng Task Force Comet, na nagkaroon umano ng labanan habang tinutugis ng kanyang mga pwersa ang mga elemento ng Abu Sayyaf na dumukot sa isang negosyante. Subalit ayon sa mga pamilya ng mga biktima, walang habas silang pinaputukan kahit isinigaw nilang mga sibilyan sila. Sadya ring pinasok ng mga sundalo ang ilang bahay at karkarakang pinadapa ang mga naron at pinagbabaril.

AB

## Paggahasa at pagsalbeyds sa mga medik, kinundena

**M**ariing kinundena ng National Democratic Front-Cagayan Valley ang 45th IB sa pagsalbeyds at panggagahasa ng mga elemento nito sa tatlong babaeng medik noong Hulyo 2007.

Sina Jansel Zeta Arnato (Ka Guiller), Mylene Gubat (Ka Ryza) at Catherine Zapanta (Ka Maliw), pawang mga myembro ng panrehiyong istap medikal ng Cagayan Valley, ay nasa Sityo Lumalog, Barangay Cadsalan, San Mariano, Isabela noong Hulyo 30, 2007 para magsagawa ng misyong medikal. Sinalakay sila ng pinagsanib na mga tropa ng 45th IB at 52nd Reconnaissance Coy sa pamumuno ni 1Lt. Michael Victoria.

Lumabas sa imbestigasyon na sina Ka Guiller, Ka Ryza at Ka Maliw ay walang dalang armas nang sumuko sila sa mga sundalo. Sa ilalim ng kustodya ng AFP, ginahasa sila ng mga sundalo at

pagkatapos ay binaril nang malapitan sa ulo. Isinakay ang kani-lang mga bangkay sa isang helikopter at basta na lamang itinambak sa tabing-ilog sa Barangay Minanga, San Mariano.

Ayon sa mga residente sa lugar, ilang oras matapos ang pagsalakay ay narinig nila ang isa sa mga sundalong nagsabi na "Kawa-wa naman 'yung tatlo, nireyp ng mga kasama namin. Mahirap lang magsalita, baka mawalan ako ng trabaho."

Nang matagpuan ang mga bangkay ng tatlo ay walang suot na T-shirt si Ka Guiller sa ilalim ng kanyang *jacket* at bali ang kanyang mga braso. Bukas naman ang *zipper* ang pantalon ni Ka Ryza.

Planong kasuhan ng mga kamag-anak ng tatlong medik ang mga elemento ng 45th IB na responsible sa karumal-dumal na krimen. AB

*Kapalit ng dolyar na remitans na inaasahan ng rehimens*

## Dugo, pawis at buhay ng manggagawang migrante

**T**uluy-tuloy na pinalalakas ng rehimens ang patakaran nito sa pagluluwas ng mga manggagawang Pilipino. Target nito ang pagluluwas ng isang milyong manggagawa kada taon. Araw-araw, umaaabot sa 2,700 Pilipino ang lumalabas ng bansa para magtrabajo. Umaabot na ngayon sa 9.2 milyong Pilipino (mahigit 10% ng populasyon) ang mga migranteng manggagawa o *overseas contract workers* (OCW). Hindi pa kabilang dito ang mga di-dokumentadong Pilipino sa ibang bansa.

Ang labis na kahirapan at kawalan ng oportunidad sa Pilipinas ang pangunahing nagtutulak sa milyun-milyong Pilipino na mangibang-bansa. Subalit taliwas sa inaasam na ginhawa, kadalasa'y dagdag na hirap at mas matinding pagdurusa ang kanilang dinarañas.

**Pagsasamantala sa rekrutement at aplikasyon.** Kahit pa sinasabi ng rehimens na bawal ang *placement fee*, kinukunsinti ito at pinakikinna bangan

naman ng gubyerno ang mga rekruter na kadalasa'y naniningil nang malaki. Dahil sa laki ng mga bayarin, kadalasa'y naoobligang mangutang o magbenta ng ari-arian ang mga aplikante upang mabayaran ang mga gastos sa aplikasyon tulad ng *medical check-up, processing fee* at iba pa. Malaking bahagi ng kanilang kita ay napupunta sa pagbayad ng kanilang utang.

Sa mga babaeng aplikante bilang *domestic helper*, may mga kasos na sa Pilipinas pa lamang ay pinatitira na sila sa bahay ng iligal na rekruter. Sa bahay na ito ay ginagawa silang alila nang walang bayad mula ilang araw hanggang ilang buwan bilang pagsasanay umano sa magiging trabaho sa ibang bansa.

Madalas na mas mataas ang sahod na nakasaad sa kontrata kaysa sinasabi ng ahensya. Ang kinakaltas ay napupunta buwan-buwan sa ahensya.

Bukod pa ito sa ilang buwang walang matatanggap na sweldo ang aplikante bilang bayad sa ahensya sa pag-asikaso sa pangibang-bansa niya.


Noong Enero-Oktubre 2007, umabot sa 132 ahensya

ang nahuling nagsasagawa ng iligal na rekrutment. Umabot sa 850 katao ang biktima, karamihan mula sa Metro Manila. Di hamak na mas malaki pa ang bilang ng mga biktima ng mga iligal na rekruter. Kahit ligal ang ilang rekruter, karanian namang iligal ang kanilang gawain.

Pangunahing destinasyon ng mga OCW ang South Korea, Spain, United Arab Emirates, United Kingdom at US. Karamihan sa mga aplikante ay ipinapasok sa mga trabaho bilang manggagawa sa pabrika, istap sa mga hotel, *caregiver* at katurong. Sa despersyon, marami ang napipilitang mag-OCW kahit alam nilang prostitusyon ang papasukin nilang trabaho.

**Pakanang performance at repatriation bond.** Pinakahulung panggigipit sa mga migranteng manggagawa ang Memorandum Circular 4 ng Philippine Overseas Employment Agency (POEA). Isinaaad nito na dapat magbayad ng \$3,000 na *performance bond* at \$5,000 na *repatriation bond* bawat manggagawa ang sinumang dayuhang nagnanais na direktang mag-employo ng mga Pilipino. Ayon sa Migrante, maraming mawawalang trabaho para sa mga OCW dahil sa mataas na rekisitong ito. Kung bayaran man ito ng mga dayuhan ay mga OCW ang mabibiktima kalauunan dahil mas pipigain sila sa trabaho at sa mga sahod nila kakaltasin ang mga dagdag na gastusing ito. Dahil sa mahigpit na rekisito sa direktang pag-employo, maraming OCW ang mapipilitang dumaan sa mapagsamantalang mga *recruitment agency* at magiging bulnerable sa pang-aabuso ng mga ito.

**Pagmamaltrato at kalupitan sa ibang bansa.** Ayon sa Migrante-Middle East, di bababa sa 15 reklamo at paghingi ng tulong ang natatanggap nila araw-araw. Kabilang sa mga reklamo ang pagbabago ng



kontrata, napakalaking singil sa aplikasyon, pagmamaltrato, pang-aabusong sekswal at iba pa. Bukod pa rito ang natatanggap nilang mga reklamo mula sa mga pamilya ng OCW at mga aplikante.

Marami ring reklamo ang naka-sampa sa mga embahada ng Pilipinas sa napakaraming bansa at sa Philippine Labor & Welfare Offices. Sa Kuwaiti Embassy, halimbawa, tinatayang nakatanggap ito ng 10,000 kaso ng paghingi ng tulong ng mga Pilipino mula Enero hanggang Hunyo 2007, o abereyds na 123 kaso bawat araw. Kabilang sa mga idinulog na problema ang paghahanap sa kinarooroonan ng OCW, kahilingang iuwi sa Pilipinas, suportang pinansyal, *police clearance* at pag-uwi sa bangkay ng mga patay na OCW.

Maraming manggagawang migrante ang umuuwing bangkay na. Walo hanggang 10 bangkay ng mga OCW ang iniuwi sa Pilipinas araw-araw sa iba't ibang kadalanan. Sa Qatar pa lamang, di bababa sa 37 Pilipino ang namatay sa unang anim na buwan pa lamang ng 2007. Namatay ang 26 sa kanila dahil sa atake sa puso. Karaniwan namang lumalabas sa balita ang kaso ng mga Pilipinang pinatay at pinalalabas na nagpatiwakal.

Nagpapakainutil ang gubyerno ng Pilipinas sa harap ng napakaraming kaso ng kawalang-katarungan na dinaranas ng mga OCW sa ibang bansa. Napakakupad ng kilos ng mga ahensya ng gubyerno liban na lamang kung may malawak nang protesta. Sa kasalukuyan, umaabot na sa 33 Pilipino ang may hatol na kamatayan sa iba't ibang bansa. Tinataya namang umaabot na sa

5,000 OCW ang nakakulong sa iba't ibang bahagi ng mundo, karamihan sa krimeng may kinalaman sa iligal nilang pagpasok sa mga bansang pinamamasukan.

**Holdap ng rehimene.** Ligal ang ekstorsyon at sistematiko ang pag-piga ng rehimene sa mga OCW. Sa pagtaya ng Migrante, umaabot sa ₱13 bilyon ang nakukulekta ng rehimene sa mga bayarin ng mga OCW tulad ng *passport*, *birth certificate* at pwersahang pagpapamyembro sa Overseas Workers Welfare Administration (OWWA). Tinututulan ng mga migranteng manggawa ang sapilitang ₡25 na *membership fee* sa OWWA na sinisingil sa palitang ₢51:\$1 kahit ₢41 na lamang ang halaga ng \$1 ngayon.

Inoobliga ng POEA na pumaloob ang mga aplikante sa pagging katulong sa programa nitong "Pre-Qualification for Household Service Workers" na nagkakahalagang ₱10,000-15,000. Nananatili rin ang pangungulekta ng ₢500-30,000 (\$10.92 - \$655) ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at mga aprubado nitong *training center* para sa diumano'y pagsasanay. Ang mga *training center* na ito ay karaniwang pag-aari o kasosyo ng mga *recruitment agency*.

**Ang remitans na pinaglalawayan ng rehimene.** Balewala sa rehimene ang kasasidlakang kalagayan ng mga manggagawa sa ibang bansa. Ang mahalaga ay ang bilyun-bilyong pisong remitans na nagpalutang sa ekonomya ng Pilipinas.

Naitala noong Setyembre 2007 ang pinakamataas na halaga ng remitans ng mga OCW na dumaan sa bangko (\$1.388 bilyon). Mas mataas ito nang 17.1% kumpara sa inabot nitong antas noong Setyembre 2006. Pinaabot nito sa \$11.9 bilyon ang remitans para sa unang 10


buwan ng taon, na 15.2% mas mataas kaysa parehong panahon noong 2006. Tinatayang umabot sa \$14.3 bilyon ang kabuuang remitans noong 2007. Ngayong taon, inaasahan ng Bangko Sentral ng Pilipinas na aabot sa \$16.2 bilyon ang kabuuang remitans ng mga OCW (kabilang ang hindi dadaan sa mga bangko).

Ngunit dahil sa tuluy-tuloy na pagbaba ng halaga ng dolyar ng US, lumiliit ang katumbas na halaga ng ipinadadalang remitans ng mga OCW kapag naipalit na sa piso.

Kasabay nito, binabayo rin ang mga OCW at kanilang mga pamilya ng walang awat na pagtaas ng mga bilihin at serbisyo at papaliit na halaga ng nabibili ng piso sa Pilipinas. Tuluy-tuloy na nababawasan kung gayon ang pakinabang ng mga pamilyang ito at naoobliga ngayong magtipid nang husto sa gastos ang mga OCW para higit na malaki ang maipadalang remitans sa Pilipinas.

**Organisatin at pakilusin ang mga manggagawang migrante.** Habang sumisidhi ang krisis ng disemployo sa Pilipinas, patuloy na dumarami ang mga manggagawang Pilipino na napupwersang mangbang-bayan para maghanapbhay. Sinikap man nilang takasan ang matinding krisis pangkabuhayan sa Pilipinas, lalong tumitindi ang pagsasamantala at pang-aapi sa kanila kahit nasa ibang bansa sila. Gayon, tungkulin ng mga rebolusyonaryong pwersa na mulatin, organisatin at pakilusin ang milyun-milyung migranteng manggagawang Pilipino na nasa ibayong dagat para maipagtanggol ang kanilang mga interes at karapatan at palahukin sa rebolusyonaryong pagbabago sa Pilipinas. Makagagampan rin sila ng malaking papel sa pakikipag-ugnayan sa mga anti-imperialista at rebolusyonaryong kilusan sa kinalalagyan nilang mga bansa.

AB





# US, nasa bingit ng resesyon

**N**itong nagdaang mga taon, naging madalas ang mga biglaan at matalik na pagbagsak ng mga pamilihan ng sapi sa US at sa iba't ibang bahagi ng mundo. Paggasok ng Enero, naganap ang unang malaking pagbagsak na ibinunsod ng pagsasapubliko ng estadistika ng pagkitid ng produksyong industriyal sa US at ng pagtaas ng presyo ng krudong langis tungong \$100/bariles sa internasyunal na pamilihan. Pagkalipas ng ilang araw, sinundan ito ng matitinding pagbagsak ng mga pamilihan ng sapi sa US, Europe at Asia na pinakamalala mula Setyembre 2001.

Dagdag pang sanhi ng mga pagbagsak na ito ang tuluy-tuloy na paglala pa ng mga epekto ng pagputok ng krisis sa pabahay sa US. Bahagi nito ang paglabas sa publiko ng datos ng pagkalugi ng maraming bangko sa US at daigdig. Lumalaganap din ang mga kasog ng mga narerematang bahay bunga ng di mabayarang utang, pagbagsak ng manupaktura at pagtumal ng lokal na konsenso at pamilihan sa US.

Ang mga pagbagsak ng mga pandaigdigang pamilihan ng sapi ay isa lamang sa maraming palatandaan ng pagdausdos ng kabuuang ekonomya ng US. Noong 2007, tuluy-tuloy na kumitid ang ekonomya ng US. Sa magkasunod na apat na kwarto, dumausdos ang produksyong industriyal at benta ng manupaktura, pagtitigi at tunay na kita ng mamamayan. Tinatayang ngayong taon ay papasok ang US sa panibagong resesyon.

Mula pa noong kalgitanan ng 2007 ay malaki na ang ibinagsak ng produksyong industriyal. Ang tantos ng pagbagsak noong Disyembre ang siya nang pinakamalaki sa loob ng nakaraang apat na taon. Mahigit isang taon nang papahina ang paglaki ng empleyo sa

US, habang nasa 4.9% ang tantos ng disempreyo. Nitong Enero, tumama sa US ang pinakamalaking tantos ng disempreyo sa loob ng nakaraang limang taon. Kasunod nito, nagsimulang humina ang kakalan at konsumo, na bumubuo ng dalawang katlo ng ekonomya ng US. Tinatayang higit pa itong hihiina at tutungo sa pagdausdos ngayong taon.

Papalala ang mga epekto ng pagputok ng bula sa pabahay mula pa Agosto 2005. Tinatayang ngayong 2008 ay babagsak pa nang mahigit 12% ang benta ng mga bahay sa buong US. Noong unang walong buwan ng 2007, umabot na sa

1.7 milyong bahay ang sinimulang ilitin matapos mabigong makapagbayad sa ang mga may-ari nito. Tinatayang aabot pa sa 2.2 milyong bahay ang kukumpiskahan sa darating na dalawang taon. Ang malawakang kabiguang makapagbayad ay nagresulta rin sa tinatayang \$100 bilyong pagkalugi ng malaking bangko at kumpanya. Tinatayang higit na mas malaki pa ang aktwal na pagkalugi nila. Umaabot sa \$1 trilyon ang kabuuang ipinuhunan dito ng mga bangko sa loob at labas ng US. Tinatayang magpatuloy at lalala pa ang krisis sa pabahay sa US hanggang 2009.

Salik ding nagpapalala ng krisis sa ekonomya ng US ngayon ang higanteng depisit sa pambansang badyet ng US na umaabot na sa \$413 bilyon. Bunga ito ng malaking pagkaltas sa buwis ng mga monopolyo kapitalista, malaking gastos sa mga kontratang militar-industriyal at ang napakalaki nang nagagastos (mahigit na sa \$1.1 trilyon) sa panggegera nito sa Iraq at Afghanistan.

Umaabot na rin sa \$800 bilyon taun-taon ang depisit ng US sa kalakalan. Lubha nang lumaki ang utang panlabas ng US mula \$5.7 trilyon tungong \$9.1 trilyon.

Bunga nito, humina na nang humina at lumiit ang halaga ng dolyar. Dumaraming mga mamumuhunan at mga gubyerno ang bumabalang na sa ibang salapi, pangunahin na sa Euro.

Nakikini-kinitang hindi babangon ang ekonomya ng US sa taong 2008. Ang US Federal Reserve na mismo ang nagpahayag na magiging mas malala ang kalaga-



yan ng ekonomya ngayong taon. Kahit di pa upisyal na idinedeklara ng gub-yerno ng US na nasa resesyon na ito, maraming ekonomista ang naniniwalang sa aktwal, pumasok na sa resesyon ang US nitong Enero.

Sa desperasyong mapigilan pa ang resesyon, itinutulak ngayon ng rehimeng Bush ang pagkaltas ng hanggang \$145 bilyong buwis upang saluhin ang pagkalugi ng mga dambuhalang monopolyong kumpanya. Inaasahang sa pamamagitan ng pagtulong sa kanilang mga negosyo ay makalilikha sila ng trabaho para sa karagdagang 500,000 manggagawa. Bilang pampalubag-loob, nagpanukala rin ng pagkaltas sa buwis sa mamayang Amerikano nang hanggang \$1,500 kada pamilya, bagamat minsan lamang. Layunin umano ng mga hakbanging ito ang magkaroon ng mas malaking pondo sa kamay ng mga kumpanya at mamayan sa pag-asang sisikad ang pamilihan.

Kaalinsabay, nagpanukala si Bush ng \$3.1 trilyong pambansang badyet na pinakamalaki na sa buong kasaysayan ng US (mas malaki nang 6% kumpara noong 2007). Tinatayang aabot sa \$410 bilyon ang depisit ng gubyerno. Layunin umano nitong mapasigla ang ekonomya, ngunit sa katunayan ang pangunahing pinalaki nito ay ang badyet para sa gera sa Iraq at Afghanistan at ang kabuuang badyet ng militar (pinalaki nang 7.5% ang badyet ng Pentagon). Sa kabilang banda, kinaltasan ang mga badyet para sa mga serbisyoong panlipunan (Medicare at iba pang programang pangkalusugan at pang-edukasyon) at ang mga badyet ng mga kagawaran ng agrikultura, hustisya, transportasyon at *interior*.

Malinaw na pinapaburan lamang ng mga hakbang ni Bush ay ang mga monopolyo kapitalista at mga kumikita sa panggegera ng US, habang higit pang pagkakaitan ang karaniwang mamayan. Sa halip na makapagsigla sa ekonomya, tinatayang lalo lamang na pabibilisin ng mga hakbanging ito ang pagbagsak ng US sa resesyon.

AB

## Rehimeng US-Arroyo, ayaw ng usapang pangkapayapaan

DI pabor ang rehimeng US-Arroyo na muling buhayin ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Ang tunay na pakay nito ay ang pananahimik ng hukbong bayan habang walang pakundangan ang pananalasa ng mga armadong pwersa nito.


Ito ang reaksyon ni Kasamang Luis Jalandoni, tagapangulo ng NDFP Negotiating Panel, noong Enero 25 sa tugon ni Executive Secretary Eduardo Ermita sa panawagan ng Philippine Ecumenical Peace Platform (PEPP) na muling buksan ang pormal na usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP nang walang anumang mga kondisyon. Sa kabilang banda, pinuri naman ni Jalandoni ang PEPP at partikular si Archbishop Antonio Ledesma sa paggigiit na dapat walang mga nakataling kundisyon para sa pagbuhay ng negosasyon.

Ang PEPP ay binubuo ng mga kinatawan ng Catholic Bishops Conference of the Philippines (CBCP), National Council of Churches of the Philippines (NCCP), Association of Major Religious Superiors of Men and Women in the Philippines (AMRSP) at Philippine Council of Evangelical Churches (PCEC). Ang sagot ni Ermita sa panawagan ng PEPP, ani Jalandoni, ay pahiwatig na ang tunay na interes ng rehimeng US-Arroyo ay makipagnegosasyon para magsa-long ng mga armas ang hukbong bayan at hindi para matugunan ang tunay na interes ng mamayang Pilipino.

## Ika-21 anibersaryo ng Masaker sa Mendiola, ginunita

MATAGUMPAY na ginunita noong Enero 22 ng umaabot sa 6,000 magbubukid at mga alyado nito ang ika-21 taong anibersaryo ng Mendiola Massacre. Pero bago ito ay hinirang sila ng mga pulis ilang metro ang layo sa Mendiola Bridge kung saan minasaker ang 13 magsasaka noong 1987. Dumadagundong din ang panawagan ng mga magsasaka at mangingisda sa mga lunsod ng Iloilo, Bacolod, Cebu at Davao na isabatas na ang Genuine Agrarian Reform Bill bilang kapalit ng hungkag na CARP.

Mula Enero 16, ilang beses na hinirang ng mga pulis ang mga nagmamartsang magsasaka tungong Maynila mula sa Laguna, Quezon, Batangas, Cavite, Rizal, Mindoro at Bicol. Sinalubong sila ng kapwa mga mambubukid sa upisina ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City noong umaga ng Enero 22. Pagkatanghali, umabot sa 6,000 ang mga raliyista nang sumanib na ang mga delegasyon mula sa Central Luzon, Ilocos at Cagayan Valley. Kasama ang mga kasapi ng Anakpawis, KMU, Gabriela, COURAGE, PISTON, Kadamay, Anakbayan at iba pang alyadong organisasyon at indibidwal, nagmartsa sila patungong Malacañang. Ngunit hinirang sila, kaya nagdaos na lamang ng programa sa harapan ng University of the East.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXIX Blg. 3

Pebrero 7, 2008

[www.philippinerevolution.net](http://www.philippinerevolution.net)

Editoryal

# Sagot kay Esperon: Higit pang mga tagumpay sa armadong pakikibaka

**A**ng serye ng matatagumpay na taktikal na opensiba nitong nagdaang linggo ang pinaka-matutunog na supalpal sa mga kabulastugan ni Gen. Hermogenes Esperon na durog na't lalo pang madudurog ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago siya magretiro.

Pinalalabas ng rehimeng Arroyo na ang pagpapalawig sa termino ni Esperon bilang hepe ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ay para maipagpatuloy ang umano'y pinamumunuan niyang bwelo sa kontrarebolusyonaryong digma. Ipinagyayabang ni Esperon na sa ilalim ng kanyang pamumuno ay nadurog ng AFP ang 13 larangan gerilya noong 2007 at 17 iba pa ang madudurog sa unang kwarto ng 2008.

Ang totoo, walang nabuwag na kahit isang larangan gerilya noong 2007 at tiyak na wala ring madudurog ngayong taon. Sa halip ay patuloy na umaani

ng mga tagumpay sa armadong pakikibaka ang Pulang hukbo. Tuluy-tuloy pang nagpapalawak at nagkokonsolida ng mga larangan at baseng gerilya ang mga rebolusyonaryong pwersa.

Doble-sampal ang sumalubong kay Esperon nang ilunsad ng BHB ang sunud-sunod na mga matagumpay na taktikal na opensiba sa Davao Oriental at Compostela Valley habang siya ay nasa Mindanao para magmobilisa ng mga tropang militar para sa "total war" laban sa BHB. Mahigit 40 tropa ang naging kaswalti



Mga  
tampok sa isyung  
ito...

Matatagumpay na TO  
ng BHB sa Mindanao  
PAHINA 3

Salpuhan sa pulitika,  
nagbabadya PAHINA 4

Anomalyang NBN-ZTE,  
kinumpirma ng bagong  
testigo PAHINA 4

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)